# Nakita Ko Ang Pagunlad Ng Sosyalismo

*Sinulat ni META BERGER*

*Paunang Salita*

Ako ay napatungo sa Rusya na kimkim ang pagkamuhi sa diktadura at sakbibi naman ang pagka-giliw sa demokrasya. Ako'y napatungo na taglay ang gunita ng pagkakabilanggo ng mga kasama ng aking asawa, gaya rin naman ng pagkakausig sa kanya. Napatungo ako ng tigib ng kasiyahan sa karang-yaan ng kabihasnan ng bayang Amerika—mga paliguan, masasarap na pagkain, malinis na tubig, kaakit-akit na mga tahanan. Napatungo ako sa Rusya na sadyang nananalig sa kapayapaan, sa pagsasalong ng mga sandata, na nasisindak at namumuhi sa patayan, gaya ng mga taong nagdanas ng pahirap dahil sa pagsalungat laban diyan ng panahon ng digmaan.

Ng ako ay mauwing galing sa Rusya ay nag-ibayo pa ang aking pag-ayaw sa pagtitigis ng dugo, pang-aapi at digmaan; nagibayo rin ang aking pagkagiliw sa magaang na kabuhayan at sa kalinisan. Subali't ako ay umuwing taglay ang buong pitagan at paghanga sa paraan ng mga Ruso at sakbibi ang buong pagmamahal at pag-aalang-alang sa sangbayanang Ruso.

Nananalig akong naituro ng Rusya sa sangkatauhan ang paraan ng kaligtasan. Malaking di hamak ang kanilang isinukli sa kanilang mga nagawa at pag-asa. Nagtiis sila ng gutom, ng pahirap, ng kamatayan. Nguni't nakamit nila ang isang tagumpay na karapatdapat hangaan ng mga ibang bansa. Nailigtas ng mga Ruso ang kabihasnan para sa kanilang mga inanak.

Marami akong mga kapanalig sa Amerika na naniniwalang nabili ng mga Ruso ang kanilang kaligtasan ng di matutumbasang halaga. Ayokong magsabi na mayroon akong nalalamang daang lalong madali at magaang na tungo sa kanilang pamumuhay na tulongtulong. Ako'y nanalig ng buong puso na ang himagsikan ay hindi siyang paraan lamang upang matamo ang kapayapaan, ang kaginhawahan at buhay ng mga manggagawa. Nguni't ako'y napipi sa aking namalas sa Rusya—manapa ay naisip ko na iyon ay hindi mabuti at malayong matapos.

Sa wari ko'y ang isang lalong mabuting paraan upang mapagpasiyahan ang kahalagahan ng isang pagsubok sa pamamaraang bayan (ipagpatawad ang pagkakagamit ko ng salitang "pagsubok"— labis ang kahigitan niya diyan) ay ipareho siya sa ibang pamamaraan. Ipareho ang Rusya ngayon sa Rusya ng bago dumating ang himagsikan. Ipareho ang Rusya ngayon sa Europa at Amerika ngayon. Ipareho ang magiging huling araw ng Rusya sa magiging huling araw ng ibang bansa ng sangdaigdig.

Gawin ang pagpapareho ng walang pakundangan. Huwag ng isaalang-alang na sa 160 angaw na Ruso ay mahigit sa 100 angaw ay hindi mga marunong sumulat at ang karamihan nito ay namumuhay ng buhay-gubat bago dumating ang himagsikan. Huwag ng isaalang-alang na ang Rusya ng panahon ng mga Tsar ay kakaibang-kakaiba sa Amerika ng panahon ni Woodrow Wilson, gaya ng pagkakaiba ng kariton sa tren. At matapos na iyong magawa ang matamang pagsuri, ay iyong makikita na yaong mga tao na ng kamakaylan lamang ay mga mulala, mapamanhiin, walang mga gusali at kasangkapan, walang mga kalzada, ni paaralan, ni mga libro, ay tinitingala ngayong isang bayang mabihasa na may magandang araw sa kinabukasan.

*Sukatan ng kabuhayan.*

Ang sukatan ng kabuhayan ng lahat na mamamayang Ruso ay mababa sa sukatan ng kabuhayan ng manggagawang Amerikano. Nguni't taon-taon ay tumataas. Ang sukatan ng kabuhayan ng manggagawang Amerikano ay bumababa naman taon-taon. Sa Rusya ay makapupong igi ngayon kaysa ng bago sumapit ang himagsikan. Ang mga ganahan ay pataas ng pataas. Hindi matingakala ang bilis ng pagtatayo ng mga tahanan. Maging sa labas ng bayan, ang mga kubong tahanan ay pinapalitan sa isang bilis na maaaring gawin ng tig-dadalawang kamay ng 160 angaw na mga Ruso, gaya rin naman ng pagtatatag ng mga pabrika, makinarya, gusaling panglikha ng ilaw elektrika, mga bahay paaralan, bahay-pagamutan, mga aklatan, kalsada at ng di mabilang na mga pagawaang pangbuhay sa Unyong Sobyet.

Maliban pa sa pangkaraniwang mga pagkain na ikinabubuhay ng mga Ruso, sila ay lumalasap na rin ng ilang karang-yaan sa kagamitan sa kabuhayan—gaya halimbawa ng maiiging damit, mabubuting tahanan, pagpapahingalay na may sahod, mahuhusay na pagkain. Para sa marami sa kanila, ang mga ito ay bagong karanasan. At tangi pa sa mga bagay na ito, sila ay mayroon ding laganap na dinadamang katatagan sa kabuhayan; sila ay hindi nangangambang magkasakit, tumanda o mawalan ng hanap-buhay; sila ay ginagamot at pinatitira sa mga ospital ng walang bayad, at pinepensyonan kung dumarating sa edad na di na makapagtrabaho. Ito ay mga biyayang karapatan na di maaaring ipagkait (inalienable rights) sa kangino pa mang Ruso.

*Itinatatag na mga gusali.*

Sa Leningrad lamang ay mayroong 45 mga bahay-paaralan na itinatayo. Naglalakihang mga parke, isang estadyum na mapanonooran ng 100,000 katao, mga balong-palanguyan, mga bahay-liwaliwang walang kasing-ganda ang pagkakayari at mga kagamitan ang ngayo'y pinagsusumakitang mayari agad. Mga bahay-tahanan ng mga manggagawa, mga teatro, museo, biblioteka, paaralan, ay binabalak na itayo ng buong dingal at

## JOSEPH STALIN...

(*Continued from page* 14)

population of 200,000, with 75,000 workers. Grain was collected at the mouth of the river Volga to be distributed all over Russia. I carried my own armed force. After months of desperate work we had 300,000 poods of wheat. Then I had to get boats to ship it to Baku. All was arranged and I was happy, when officers of Stalin's men said, 'It makes no difference what orders you have. If we do not get grain and go back to Stalin with empty hands we shall be shot.' These men had a larger fighting force, and I realized that it would either mean a terrible fight or else surrender. Baku was starving. I decided to appeal personally to Stalin.

"At that time Stalin was virtually a dictator in the matter of securing grain. He almost never received anyone in his room except his lieutenants. He was like a lion in his cage, always pacing up and down. In spite of everything, I managed to get to him and plead for Baku. Stalin brushed the plea aside with the statement, 'What nonsense you are talking. If we lose Baku, it is nothing. We will take it again inside of a few months or a year at the most. If we lose Moscow, we lost everything. Then the revolution is ended.' The grain went to Stalin and Moscow."

Perhaps the most striking military achievement of Stalin was his defense of the town of Tsaritsin, on the lower Volga, against the attacks of the anti-Bolshevist forces. The city has since been rechristened Stalingrad in his honor.

For a time Stalin worked as secretary to Lenin, then later he became General Secretary of the Communist Party. Previously this position had never been considered of central strategic importance, being rather a routine job, consisting of such formal and technical duties as preparing circular letters for the party organizations and outlining programs passed by the Central Committee. Stalin now made it the direct nerve center of the party. It gave him the chance to send out political workers throughout Russia, and to learn from the inside the methods of political organization. His previous heroic work made every one recognize his authority.

Stalin to-day is a man of medium height, erect, well built, with a heavy black mustache, thick hair, dark penetrating eyes and a handsome face. His speech is characteristic of the man, blunt and direct; he does not attempt to hide his meaning. On the other hand, as with so many key politicians, he does not place himself in the spotlight, although in 1930 he has assumed public leadership as never before. Stalin never acted as if the revolution were the opportunity for him to parade his genius. He is not an inspired orator or a brilliant writer, but is a man of iron will, extraordinary energy and an utter lack of fear . There is little question that he is extraordinary skilful and adroit in party politics.

It would be easy to magnify the role which Stalin is now playing. He is easily the most important man in Russia to-day, but the entire theory of Communist tactics is that the individual is nothing, the party is everything. Stalin rules because he has his ear close to the ground and knows what the rank and file of the party want. He has an extraordinary knack of keeping in touch with the changing moods of the common people, especially of the peasants. We have already mentioned the fact that long before the took the reins of power he inaugurated the policy of cultural autonomy for subject nationalities. Stalin insisted that, in contradiction to the policy of the Czar, every subject group could study in their own dialect or language and could have full power to print books and newspapers in their own tongue. In 1924 he insisted on democracy in the villages. He sensed the desire of the peasants for more economic liberty, and was instrumental in passing a law, against party opposition, giving the peasant greater freedom in hiring help.

Stalin is a genuine believer in Communist principles; in spite of all that has been said about his conservatism, he has merely tried to harmonize practice with realities. By 1930 he has come to be recognized as the key figure in present-day Communism and it is now fairly settled that history wil rank him, next to Lenin, the outstanding leader in the Russian Revolution. (Adapted from Contemporary Social Movements, by J Davis).

---

tanging upuan sa mga tanghalan ng mga dula o nang sariling pitak sa mga pahayagan, o ng kaunting taas sa kanilang sahod, o nang tanging kagaanan sa paglalakbay, at kung minsan, ng isang automobil at halaga ng sa kanya ay paggamit.

Marami pa sana akong dapat na sabihin, nguni't ito ang aking panghuling wikang masasabi: Ang aking pagkakadalaw sa Rusya ay nakapagbigay sigla sa aking pananalig sa kakayahan ng mga tao, sa kanilang mga hangarin at walang likat na pagsusumakit na nagbubunga ng mainam at malulusog na mga balak na maaari nilang isagawa sa pagtutuwangan. Iya'y nakapagpatibay pa sa aking pananalig sa magandang maibubunga ng demokrasya na nababatay sa bagong paraan ng karunungan.

---



NAKIKIDALAMHATI ANG "SOSYALISMO NGAYON" AT ANG KUSP SA PAGYAO NG KAIBIGANG SUSANO GONZALES

Sa isang kapasyahan na pinagtibay ng Lupong Tagapagpaganap ng Mga Kaibigan ng Unyong Sobyet sa Pilipinas, ito ay taos na nakikidalamhati sa madaling pagyao ng Kaibigan Susano Gonzales, na sumakabilang buhay noong ika 23 ng Hulio, 1936, sa kanyang tahanan bilang 424 J. Zamora, Pako.

Ang Kaibigang Susano Gonzales ng siya ay nabubuhay pa ay isa sa mga lalong masusugid at masipag na kasapi ng samahan, isang tapat at marangal na kaibigan ng Unyong Sobyet, at isa sa tagapagtanggol ng mga pambihirang kabuhayan at mga simulain ng nasabing bansa.

Ang Pahayagang ito at ang Samahang nagpapalabas dito ay nakikidalamhati sa kanyang mga anak at asawang naulila sa pagkawala ng isang kaibigang tapat at dakila.

lakas ng loob na sa Europa at Amerika ay sadyang itinataan lamang para gawin ng mga taong partikular. Ang pagkilos, pagyayari, ang buhay, ay patuloy gabi't araw. Ang mga pabrika ay tumatakbo ng walang patid. Ang mga manggagawa ay nagsisipagtrabaho ng halinhinan tuwing pito o walong oras. Ang mga daan ay puno ng mga taong naglisaw, maging gabi at katanghalian; ang hangin ay nagsisikip sa pag-unlad. Ang pagtatayo ng bagong kabuhayan ay patuloy na iyong mamamalas. Araw-araw, mga bagong bagay ay nalilikha, mga bagong bagay ay sinisimulan. At lahat ng mga ito ay sa kapakinabangan ng lahat at hindi ng iilan.

*Paaralan.*

Sa larangan naman ng pagpapaaral at karunungan, ang mga nagawa ng mga komunistang Ruso ay lalong katakataka. Ang di karunungang sumulat ay ganap na nabigyang hangga. Ang pagpapaaral sa kabataan ay walang bayad at sapilitan. Ang bagay na ito ay sadyang pinalalaganap. Ang bawa't pabrika ay sinasangkapan ng mga kuwartong sadyang ginagamit nuong mga manggagawang nais na matutuo at at makapagaral. Pinasasahod ng buo yaong mga manggagawa sa pabrika na naggugugol ng panahon sa pag-aaral sa mga kolehyo tekniko. Ang mga doktor at siruhano ay sapilitang pinababalik sa kanikanyang paaralan tuwing ikatlong taon, upang ang kanilang kaalaman ay di mahuli sa mga bagong tuklas na paraan ng panggagamot. Ang pagaaral ay isang bagay na patuloy at di maikakaila. Mawiwikang ang buong Rusya ay nagaaral. Wala isa man na nakatapos. Napakarami ang matutuhan, napakarami ang pinag-aaralan. Nagsisimula sa mga batang mura pa ang isip. Nakita ko ang napakaraming paaralan para sa mga batang mura pa ang isip (nursery schools) na kasing-husay ng mga nursery schools na natatatag sa Amerika. Nakararami ang Rusya sa mga paaralang ito kay sa Amerika. Ipi-

*Nasa pahina* 26 *ang karugtong*)

# Ang Kalayaan Ng Pananampalataya Sa Unyong Sobyet

Buhat ng lumabas ang pahayagang ito, ang maraming alinlangang nasasambit hinggil sa kalayaan sa Unyong Sobyet ay ang natutungkol sa pananampalataya. Sa palagay ng marami, ang Unyong Sobyet ay isang bansang walang Diyos, na pinamamahalaan di umano ng isang hindi matututulang lakas ng isang lapian ng mga komunista na walang relihion. Sa paniniwala ng marami, sa Rusya ngayon ay walang nabubukas na simbahan sapagka't ito ay sinamsam na lahat ng pamahalaan. At ng magpahayag ang panukalang konstitusyon ng Rusya na sangayon doon ay magbibigay ng malayang pananampalataya sa mga mamamayan ay para nga namang pinatotohanan na sa ngayon o bago umiral ang bagong saligang batas na ito ay walang kalayaan ng pananampalataya sa Rusya. Ito ay aming paguukulan ngayon ng pansin.

Ang unang susuriin natin ay ang nilalaman ng kanilang saligang batas sa bagay na ito. Sa isang artikulo sa pahayagang ito, ay nababangit ang Art. 124 ng bagong konstitusyon ng Unyong Sobyet tungkol sa kalayaan ng pananampalataya. Nguni't ang tuntunin bang ito ay bago, at ngayon lamang iiral sa Unyong Sobyet, kung knya't hanggang hindi ito umiiral ay walang kalayaan ang pananampalataya sa bansang ito? Ang ginawang lathala ng mga pahayagan na parang lumilitaw na sa pagiral lamang ng bagong saligang batas ay doon magkakaroon ng kalayaan sa relihion ay lihis sa mga tunay na kalagayan. Ang katotohanan, ang tuntunin 124 ng balak na Saligang Batas ay hango lamang sa tuntunin 133 ng Kapitulo V ng matandang Saligang Batas ng Unyong Sobyet na pinagtibay ng isang Pangkalahatang Kongreso ng mga Sobyet noon pang Julio, 1918. Ang tuntuning ito, para gawin natin ang paghahambing sa panukalang saligang batas ay nagsasaad ng sumusunod:

> "Para mabigyan ang mga manggagawa ng isang wagas at ganap na kalayaan ng budhi, ang simbahan ay inihihiwalay sa pamahalaan, ang mga paaralan, sa simbahan, at ang kalayaan ng mga propaganda para sa relihion at laban sa relihioin ay ganap na ipinagkakaloob sa bawa't mamamayan." (Art. 13, Saligang Batas na pinagtibay noong Julio 10, 1918).

Gaya ng makikita sa itaas, kung ang tuntuning ng matangdang konstitusyon ay ipaparis sa panukalang saligang batas ang dalawa ay halos walang pagkakaiba.

Ang ganito ring tanong hinggil sa kalayaan ng pananampalataya sa Unyong Sobyet ay napagukulan ng sagot sa isang kauring pahayagan sa Amerika. Humigit kumulang ay ganito ang kanilang paliwanag at uulitin namin dito sa kasiyahan ng aming mga mambabasa na may alinlangan sa bagay na ito.

Sa Unyong Sobyet ay may ganap na kalayaan ang bawa't mamamayan sa pananampalataya. Ang simbahan ay ganap na nakahiwalay sa pamahalaan. Ang batas ng Unyong Sobyet ay nagtatakda ng pagpapantay-pantay ng lahat ng simbahan at pananampalataya at pinawi ang dating mataas na kalagayan at pagkilala sa opisyal na simbahan ng Tsar, ang Iglesia Catolica Griega, at iniyalis nila ang pakiling na pagtingin laban sa ibang pananampalataya, gaya baga ng Catolico Romano, ng Protestante, ng mga Mahometano, ng mga Hudyo, ng mga Budista at iba pa. Ang mga simbahan ay pinahihintulutan sa malayang pagkilos, nguni't kinakailangan lamang na ang kanilang mga gawain ay natutungkol lamang sa pananampalataya. Ang mga simbahan ay maylayang gumanap ng lahat ng kanilang seremonia at pagsamba ng hayagan, sangayon sa mga patakaran ng kanilang relihion.

Walang pagtatangi-tangi sa kanino man dahil sa pananampalataya kahit sa anong bagay at paraan. Ang mga manampalataya ay naisasagawa nila ang lahat ng kanilang karapatan sa pagkamamayan at maaaring mahalal o humawak sa ano mang tungkuling pambayan.

Kahit na ang mga paaralan ay ganap na hiwalay sa mga simbahan, ang mga bata ng mga nanampalataya sa ano mang relihion ay hindi itinatangi sa mga eskuelahan ng bayan, unibersidad o ano mang mga bahay para sa pagpapatalino. Walang anomang itinuturo sa mga eskuelahan hinggil sa pananampalataya. Gayon pa man, ang mga magulang ay hindi binabawalan na turuan ang kanilang mga anak sa kanilang tahanan ng kanilang pananampalataya. At ang pagtuturo ng relihion ay pinapayagan para sa kanino mang may mahigit sa 18 taon gulang sa mga paaralang sadyang nagtuturo para sa kailangan ng pananampalatayang kinauukulan.

Ang mga simbahan ay hindi tumatanggap ng ano mang tulong o abuloy sa pamahalaan, nguni't ang relihion ay pinapayagan na gamitin ang mga gusali ng simbahan para sa kanilang kailangan ng walang bayad na alkiler, nguni't may impuestong itinatakda ang batas. Walang gusali ng simbahan ang napinid la-